



**U.S. Department of Veterans Affairs**  
Veterans Benefits Administration

---

## **Allowance Sa Burol at Paglilibingang Lote**

### **Ano Ang Mga Allowance Sa Burol ng VA?**

Ang mga allowance sa burol ng VA ay mga benepisyong pera na may takdang halaga. Nakatutulong ang mga iyon upang maging karapat-dapat ang mga Veteran sa mga gastusin sa burol at paglilibing. Karaniwan, binabayaran sila sa pinakamataas na halagang pinahihintulutan ng batas.

Ang 2014 na regulasyon ng VA ay nakatulong na mapasimple ang programa. Ang karapat-dapat na naulilang asawa ay awtomatiko nang mababayaran ngayon. Nangyayari ito sa oras ng pagbibigay ng abiso sa pagkamatay ng Veteran. Hindi na kailangang magsumite ng claim.

Gayunpaman, ang VA ay maaaring magkaloob ng karagdagang mga benepisyo pagkatapos matanggap ang claim. Kabilang dito ang lote o paglilibing na allowance at allowance sa transportasyon.

### **Sino ang Karapat-dapat?**

Kung ang naulilang asawa ay hindi awtomatikong nabayaran, babayaran ng VA ang sinuman ang unang nagsampa ng mga sumusunod:

- Ang naulilang asawa ng Veteran
- Ang mga anak ng Veteran, anuman ang edad
- Ang mga magulang ng Veteran
- Ang tagapagpatupad o nangangasiwa ng estado
- Ang nabubuhay na legal na kinakasama ng Veteran. Naaangkop ito sa pormal na mga relasyon na nagpatuloy hanggang sa pagkamatay ng Veteran. Ang magkapatner ay kailangang ginawang pormal ang relasyon sa ilalim ng batas ng estado. Kinakailangang may dokumentasyon ng relasyon na ibinigay ng estado.

Ang Veteran ay dapat pinaalis sa trabaho nang hindi sa kahiya-hiyang pagkakatanggal sa tungkulin. Dapat din na natugunan ng Veteran ang isa sa mga sumusunod na kondisyon:

- Pagkamatay bilang resulta ng kapansanan na may kinalaman sa serbisyo
- Tumatanggap ng pension para sa VA o kabayaran sa oras ng kamatayan
- Nararapat na tumanggap ng pension ng VA o kabayaran sa oras ng kamatayan, ngunit sa halip ay tumanggap ng buong kabayaran sa pagreretiro o pagkakaroon ng kapansanan bilang militar
- Namatay habang nasa ospital ng VA o habang tumatanggap ng pangangalaga sa ilalim ng kontrata ng VA
- Namatay habang bumibiyaha sa ilalim ng mga sumusunod na pangyayari:
  - Sa ilalim ng wastong awtorisasyon at gastusin ng VA
  - Papunta o paalis sa lugar para sa layunin ng pagpapatingin, pagpapagamot o pangangalaga
- Nagkaroon ng orihinal o binuksan muling claim para sa kabayaran ng VA o nakabinbing pension sa oras ng pagkamatay
  - Ang Veteran lang ang may karapatan sa mga benepisyo mula sa isang petsang pauna sa petsa ng kamatayan
- Namatay sa petsa mismo o makalipas ang Oktubre 9, 1996, habang isang pasyente sa naaprubahan ng VA na state nursing home

## **Magkano Ang Ibinabayad Ng VA?**

Para sa mga pagkamatay na kaugnayan sa serbisyo:

- Kung namatay ang Veteran sa araw mismo o makalipas ang Setyembre 11, 2001: maximum na \$2,000
- Kung namatay ang Veteran bago ang Setyembre 2001: maximum na \$1500
- Kung ang Veteran ay inilibing sa pambansang sementeryo ng VA: ang ilan o lahat ng mga gastusin sa paglilipat ng mga labi

Para sa mga pagkamatay na walang kinalaman sa serbisyo:

- Kung namatay ang Veteran sa araw mismo o makalipas ang Oktubre 1, 2017: \$300 na allowance sa libing; \$762 para sa lote

- Kung namatay ang Veteran sa araw mismo o makalipas ang Oktubre 2016, pero bago ang Oktubre 1, 2017: \$300 na allowance sa libing; \$749 para sa lote
- Kung namatay ang Veteran sa araw mismo o makalipas ang Oktubre 2015, pero bago ang Oktubre 1, 2016: \$300 na allowance sa libing; \$747 para sa lote

Effective Oct. 1, 2011, non-service-connected death rates have changed. Ang rates na binabayaran ay mas mataas kung ang Veteran ay naospital sa VA sa oras ng pagkamatay.

- Kung namatay ang Veteran sa araw mismo o makalipas ang Oktubre 1, 2017: \$762 na allowance sa libing; \$762 para sa lote
- Kung namatay ang Veteran noong o pagkatapos ng Oktubre 1, 2016: \$749 na allowance sa libing; \$749 para sa lote
- Kung namatay ang Veteran sa araw mismo o makalipas ang Oktubre 2015, pero bago ang Oktubre 1, 2016: \$747 na allowance sa libing; \$747 para sa lote
- Kung naganap ang pagkamatay habang na-ospital ang Veteran ng VA: ang ilan o lahat ng gastos ng paglilipat ng labi
  - Ito rin ay naaangkop sa nakakontrata sa VA na pag-aalaga sa isang nursing home.

Tandaan: Kung namatay ang Veteran habang bumibiyaha na gastos ng VA, babayaran ng VA ang pagpapalibing, burol, lote na allowance. Babayaran din ng VA ang gastos sa transportasyon. Ang paglalakbay ay dapat na para sa layunin ng pagsusuri, pagpapagamot o pag-aalaga.

Para sa mga hindi nakuhang labi:

- Kung ang mga labi ng Veteran ay hindi nakuha, ang entidad na may responsibilidad para sa pagpapalibing ay makakatanggap ng \$300 na allowance sa paglilibing.
- Kung inilibing sa pambansang sementeryo ng VA, ibabalik ng VA ang nagastos na:
  - Halaga ng paglilipat ng labi
  - Halaga ng lote

### **Paano Ako Mag-a-apply?**

Mag-apply sa pamamagitan ng pag-fill out ng VA Form ng 21P-530, "Application for Burial Benefits (Aplikasyon para sa Mga Benepisyo ng Libing)." Makikita mo ang form sa

<https://www.vba.va.gov/pubs/forms/VBA-21p-530-ARE.pdf>. Isama ang kopya ng dokumento sa pag-discharge ng namatay at isang death certificate. Isama ang resibo kung ikaw ay magsasampa ng claim o paghahabol para sa nagastos sa transportasyon.

Ipadala ang iyong application sa VA regional benefit office sa iyong estado. Maaari mong makita ang lokasyon ng opisina sa pamamagitan ng pagbisita sa

<https://www.benefits.va.gov/benefits/offices.asp>.

Para sa higit pang impormasyon, tawagan ang 800-827-1000, o makipag-ugnayan sa inyong lokal na VA regional benefit office.